DPV Health® | Your Healthcare Your Way

Aged Care Assist

Ikaw ba, o may kilala ka bang nangangailangang tumanggap ng My Aged Care Support Services sa bahay?

Ano ang My Aged Care?

Ang My Aged Care ay ang unang hakbang ng mga tao para magplano para sa may subsidiya na suporta at pangangalaga na makakatulong sa kanila na mamuhay nang independiyente at manatili sa kanilang mga tahanan.

Ang mga taong may edad na 65 taon at mahigit, at Aborihinal at Torres Strait Islander na may edad na 50 taon at mahigit ay nararapat na mag-aplay para sa mga serbisyong ito.

Anong suporta ang makukuha sa My Aged Care?

Ang mga tao na maaaring makagamit sa **Home Care Package** na kasama dito ang mga serbisyo sa bahay upang masuportahan sila na manatiling mamuhay ng independiyente na komportable sa kanilang tahanan. Kabilang sa mga serbisyong ito ang:

Pansariling pangangalaga, paglilinis, nursing, allied health, mga grupong pansuporta ng lipunan, paghahardin at espesyal na mga kagamitan.

Maaari kang magrehistro sa My Aged Care gamit ang telepono **1800 200 422** o sa pamamagitan ng website **www.myagedcare.gov.au**

Suporta sa mga Tao para makagamit ang My Aged Care Services.

May mga tao na nangangailangan ng extra, maigting na suporta para magamit at makontrol ang mga serbisyo sa pangangalaga sa matatanda at iba pang mga suporta sa komunidad.

Sa mga kalagayang ito, ang DPV Health Aged Care Assist Team ay maaaring makatulong.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa DPV Health Care Assist Program, tingnan ang susunod na pahina ng polyetong ito.

Aged Care Assist

Sumusuporta sa mga senyor para magamit ang pangangalaga sa matatanda at iba pang mga serbisyo na pangsuporta

Ano ang Aged Care Assist?

Ang Aged Care Assist ay isang LIBRE na pansuportang serbisyo para sa mga taong mahihina na nangangailangan ng maigting na suporta upang magamit nila ang mga serbisyo at suporta sa pangangalaga sa matatanda.

TULONG nauunawaan ng mga tao & ginagamit ang pangangalaga sa matatanda & iba pang serbisyong pansuporta.

MAKIPAG-USAP sa My Aged Care at iba pang mga pansuporta na mga tao para sa iyo. Makipag-ayos para sa isang pagsusuri (assessment) sa My Aged Care.

MAGPUNTA at bibisitahin ka sa iyong tahanan o iba pang malapit na lugar na gusto mo para pag-usapan ang proseso. Maging may panahon para sa My Aged Care na pagsusuri.

HANAPIN & pumili ng mga tagapagbigay ng pangangalaga sa matatanda sa iyong lugar.

KUMPLETUHIN anumang mga porma & tulungan kang maunawaan ang mga serbisyo sa pangangalaga sa matatanda. mga kasunduan.

SIGURADUHIN kapag ang mga serbisyo ay nasimulan at gumagana na, tiyakin na ang lahat ay OK.

SUPORTAHAN ka na maglulutas sa iba pang mga pagsubok habang ito ay gumagana.

Para tumanggap ng suporta sa Aged Care Assist, ang isang tao ay kinakailangan na:

- Residente ng Lungsod ng Whittlesea (lahat ng mga suburb) o Mitchel Shire (Wallan, Beveridge at Bylands Lamang)
- Walang mapagkakatiwalaang tagapag-alaga o taong taga-suporta na makakatulong sa kanila
- Karapat-dapat sa pangangalaga sa matatanda na pinondohan ng gobyerno
- May kahirapan sa komunikasyon dahil sa mga problema sa wika o sa pagsulat at pagsalita
- Nahihirapang umunawa ng impormasyon at gumawa ng mga desisyon
- Alanganin na makisalamuha sa serbisyo sa pangangalaga sa matatanda o sa gobyerno
- Nasa isang hindi ligtas na sitwasyon kung hindi sila makakatanggap ng mga serbisyo.

Mga bayarin

Ang Aged Care Assist ay isang serbisyong WALANG BAYAD.

Paggamit sa mga Serbisyo ng Tagasalinwika

Kami ay nag-aalok ng WALANG BAYAD na paggamit ng interpreter para sa lahat ng mga kliyente na nangangailangan nito. Ito ay gagawin na may koordinasyon sa iyong DPV Health officer sa pakikisalamuha.

Paano gumawa ng appointment

Para makipag-areglo ng oras para makipag-usap sa aming magigiliw na Care Finders:

Tawagan ang ating Aged Care Assist direkta na numero sa **0438 849 400** o mag-Email sa **agedcareassist@dpvhealth.org.au**

Para sa karagdagan na impormasyon kung papaano makatulong ang DPV Health sa iyo, bumisita sa:

www.dpvhealth.org.au/aged-care-assist

0438 849 400 | dpvhealth.org.au | agedcareassist@dpvhealth.org.au

Ang DPV Health ay kumikilala sa mga tradisyunal na mga Tagapangalaga, mga Nakatatandang May-Kaalaman at mga Lupain ng mga taong Wurundjeri. DPV Health ay nakatuon sa Victorian Child Safe Standards sa mga patakaran at gawain nito, upang isulong at protektahan ang pinakamabuting interes ng mga bata na kasama sa aming mga serbisyo.

Aged Care Assist, bersyon 2 binago noong 25/03/2024